UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
DILIMAN, QUEZON CITY

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

ANG Bayan

Tomo X Bilang 21 Nobyembre 15, 1978

M G A N I L A L A M A N

NAGKAKAISA SA 'NORMALISASYON'
ANG MGA NAGHAHARING URI p. 1

BAGONG KONTRA-REBOLUSYONARYONG
PAKANA, DIYAK NA MABIBIGO p. 4

10 RIPLE NG 'TANOD' SA DAVAO,
KINUMPISKA NG HUKBONG BAYAN p. 5

KALBONG GUBAT, SANHI NG BAHA;
ANG REHIMEN ANG MAYSALA p. 6

REBOLUSYONARYONG LIDERATO
NG MNLF, PINAGTIBAY p. 9

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

NAGKAKAISA SA 'NORMALISASYON'
ANG MGA NAGHAHARING URI

Pumoposisyon ngayon ang mga lokal na naghaharing uri, sa pamgunguna ng pasistang pangkating Marcos, para sa susunod na hakbang tungo sa "normalisasyon"--ang pagdaraos ng lokal na "halalan".

Sa udyok ng imperyalismong E.U., pinaghahandaan ngayon ang pagdaraos ng lokal na "halalang" magbibigay-daan sa mapayapang partihan sa kapangyarihang pampulitika ng iba't ibang pangkat sa hanay ng naghaharing komprador burgesya at panginoong maylupa.

Pagkakataon itong hinihintay ng mga lokal na reaksyonaryo para makaganap ng mas malaking papel sa pampulitikang pamamahala sa bansa, at palakasing muli ang makinaryang pampulitikang nilansag ni Marcos sa pagpataw niya ng nagsosolong pasistang paghahari.

Binibitin-bitin pa rin ni Marcos ang mga reaksyonaryong kumakalaban sa kanya, at ayaw pa niyang sabihin kung kailan talaga idaraos ang "eleksyon", at kung paano.

Samantala, abala siyang nagkokonsolida sa sarili niyang kapangyarihan sa mga lalawigan, munisipalidad at baryo tulad ng ibinabalita sa kasunod na artikulo. Bago niya pasalihin sa laro ang mga kapwa niya reaksyonaryo, tinitiyak muna ng pasistang diktador na siya ang mananalo at malaki nang dihamak ang kanyang iskor.

Subalit hindi ang iskor, kundi ang mismong pagkakaroon ng laro, ang habol ngayon ng imperyalismong E.U. at lokal na mga reaksyonaryo, sa pangunguna ni Marcos. "Normalisasyon" ang tawag sa kanilang laro, na ang layunin ay libangin ang malawak na masa ng sambayanan at ilayo sila sa pagrerebolusyon.

Katunayan, ang pagdaraos ng lokal na "halalan" ay magiging isa lamang sa mga sunud-sunod na hakbang sa proseso ng "pambansang pagkakasundo" o "normalisasyon"--ibig sabihin, pagkakasundo ng mga lokal na naghaharing uri, laban man o panig kay Marcos--na simimulan noon pang bandang 1975.

Pagbibigay sa ibang mga reaksyonaryo

Palibhasa'y alam niyang sa kanya pa rin tumataya ang imperyalismong E.U.--walang kahit anong indikasyong tinatalikuran siya nito, at ang totoo'y lumaki pa nga ang ibinibigay na tulong sa kanyang rehimen--naglluluwag si Marcos sa ibang mga reaksyonaryo.

Unti-unti niyang ibinabalik sa mga karibal niyang malalaking burges ang karamihan sa mga kalayaang burges-demokratiko na pansamantala niyang ipinagkait nang ipataw ang batas militar. Malaya silang magsalita sa iba't ibang samahang burges, at malaya rin silang mag-organisa.

Noong Setyembre 22, halimbawa, muling tinuligsa ni dating Pangulong Diosdado Macapagal ang "paghaharing diktador" ni Marcos, at inihayag ang pagkakabuo ng Pambansang Kaisahan para sa Demokrasya at Kalayaan (National Union for Democracy and Freedom o NUDF) sa pamumuno nila nina Gerardo Roxas, Jovito Salonga, Francisco Rodrigo at iba pa.

Hinihingi ng NUDF ang "pagdaraos ng malaya at malinis na eleksyon, nang walang batas militar, para ibalik ang demokrasya at gobyernong konstitusyonal", ani Macapagal.

Maaaring ang hinihingi nilang halalan ay idaos para piliin ang mga opisyal ng gobyerno tulad ng itinatakda ng lumang konstitusyon ng 1935, paliwanag niya, o maari rin namang buuin ang Pambansang Asamblea sangayon sa konstitusyong Marcos ng 1973. Malinaw, kung gayon, ang pagtanggap ng grupo ni Macapagal, tulad ng iba pa sa oposisyong malaking-burges, sa

"legalidad" o batayang konstitusyonal ng papet na rehimeng Marcos; di tulad ng mga unang panahon ng batas militar, nang iginigiit nilang inagaw lamang ni Marcos ang kapangyaribang pang-estado.

Marami-rami na rin sa mga oposisyonistang anti-Marcos ang mananawagan nitong nakaraang mga buwan para sa pag-alis ng batas militar ("para lamang naman maging kapani-paniwala tayo", ang amin ni dating Senador Arturo Tolentino) at sa pagdaraos ng lokal na "halalan".

Bukod sa kalayaang magsalita at mag-organisa, hinahayaan na rin ni Marcos ang kanyang mga karibal na naglakbay sa ibang bansa kahit alam niyang kumokontak ang mga ito sa mga ahente ng imperyalismong E.U. para isumbong siya.

"Halalan" para sa "IBP"

Tanda pa rin ng kahandaan niyang makipagkasundo ang pagpapalaya noong Hunyong nakaraan sa mga ikinulong sa sakdal na tangkang patayin siya. Katunayan, di nabahala si Marcos nang "makatakas" mula sa Kuta Bonifacio noong 1977 sina Sergio Osemña III at Eugenio Lopez Jr., na ngayo'y nagiingay-ingay sa Estados Unidos.

Subalit ang "halalang" idinaos noong Abril 7 para buuin ang huwad na Batasang Pambansa ang pinakatampok na palatandaan ng muling pagkakasundo ng mga pangkating reaksyonaryo sa batayan ng patuloy nilang makauring paghahari sa ngalan ng imperyalismo.

Masakit ang mga salitang ipinukol kay Marcos ng kanyang mga karibal na nagkonsentra ng kampanya sa Maynila-Rizal, at sa panig niya'y minsan pang naipakita ni Marcos na siya pa rin ang "pinakamatinik", sa hanay ng mga lokal na reaksyonaryo, sa pandaraya't manipulasyong ugali nilang lahat.

Sa kabila nito'y ang tunay na nagtagumpay sa "eleksyon" para sa "IBP", at sa mismong pagkakabuo nito, ay ang kabuuan ng mga naghaharing uri. Para kay Marcos, nagkaroon ng anyong "lehitimo" ang kanyang pasistang paghahari, lalung't sabik na sabik ang kanyang mga karibal na makahawak man lamang ng bela kahit di pa muna ganong makaiskor.

(At kung baga sa laro, banggitin na rin natin ang "cheering squad" o tagapalakpak ng pasistang pangkating Marcos, na dili iba't ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava. Nangampanya sila para sa mga kandidato ni Marcos at tinambalan ng puri ang huwad na "IBP" na anila'y "may layuning makabayan at mapagpaunlad".)

Nakamit ng mga reaksyonaryong anti-Marcos, noong "eleksyon" para sa "IBP", ang pagkakataong palakasin ang sariling puersa at makapanlinlang muli sa manamayan, tungo sa mas ganap na partisipasyon nila, sa hinaharap, sa pampulitikang pang-aapi at pang-ekonomiang pagsasachantala sa malawak na masa ng sambayanan.

At para sa imperyalismong E.U., natamo nito ang kasiyahang makumpirmahan ang katapatan ng mga lokal na reaksyonaryo sa prinsipyo ng patuloy na paghaharing imperyalista't peudal sa Pilipinas. Napatunayan ng imperyalismo na sa kabila ng mahigpit na paligsahan ng mga lokal na reaksyonaryo tungkol sa partihan ng kapanyarihan at sa kung sino ang magiging punong papet sa kanila, mabisa pa ring maaawat ang mga away-away na ito sa pamamagitan ng "halalan" o iba pang palamuti ng burges na demokrasya.

Pagkakasundo, di digmaan

Tulad ng sinabi ni Kasamang Amado Guerrero noong 1974: "Sa pananaw ng imperyalismong E.U., hindi mapahihintulutan ang lantarang digmaan ng mga lokal nitong tauhan sapagkat ang netong epekto niyon ay gagambala sa 'katatagan' at mga pakinabang na natamo nito sa bayan sa ilalim ng pasistang diktadura." (Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan)

"legalidad" o batayang konstitusyonal ng papet na rehimeng Marcos; di tulad ng mga unang panahon ng batas militar, nang iginigiit nilang ibagay lamang ni Marcos ang kapangyaribang pang-estado.

Marami-rami na rin sa mga oposisyonistang anti-Marcos ang nagsasawagan nitong nakaraang mga buwan para sa pag-alis ng batas militar ("para lamang naman maging kapani-paniwala tayo", ang amin ni dating Senador Arturo Tolentino) at sa pagdaraos ng lokal na "halalan".

Bukod sa kalayaang magsalita at mag-organisa, hinahayaan na rin ni Marcos ang kanyang mga karibal na maglakbay sa ibang bansa kahit alam niyang kumokontak ang mga ito sa mga ahente ng imperyalismong E.U. para isumbong siya.

"Halalan" para sa "IBP"

Tanda pa rin ng kahandaan niyang makipagkasundo ang pagpapalaya noong Hunyong nakaraan sa mga ikinulong sa sakdal na tangkang patayin siya. Katunayan, di nabahala si Marcos nang "makatakas" mula sa Kuta Bonifacio noong 1977 sina Sergio Osemña III at Eugenio Lopez Jr., na ngayo'y nag-iingay-ingay sa Estados Unidos.

Subalit ang "halalang" idinaos noong Abril 7 para buuin ang huwad na Batasang Pambansa ang pinakatampok na palatandaan ng muling pagkakasundo ng mga pangkating reaksyonaryo sa batayan ng patuloy nilang makauring paghahari sa ngalan ng imperyalismo.

Masakit ang mga salitang ipinukol kay Marcos ng kanyang mga karibal na nagkonsentra ng kampanya sa Maynila-Rizal, at sa panig niya'y minsan pang naipakita ni Marcos na siya pa rin ang "pinakamatinik", sa hanay ng mga lokal na reaksyonaryo, sa pandaraya't manipulasyong ugali nilang lahat.

Sa kabila nito'y ang tunay na nagtagumpay sa "eleksyon" para sa "IBP", at sa mismong pagkakabuo nito, ay ang kabuuan ng mga naghaharing uri. Para kay Marcos, nagkaroon ng anyong "lehitimo" ang kanyang pasistang paghahari, lalung't sabik na sabik ang kanyang mga karibal na makahawak man lamang ng bola kahit di pa muna gaanong makaiskor.

(At kung baga sa laro, banggitin na rin natin ang "cheering squad" o tagapalakpak ng pasistang pangkating Marcos, na dili iba't ang taksil na rebisyonistang pangkating Lava. Nangampanya sila para sa mga kandidato ni Marcos at tinambakan ng puri ang huwad na "IBP" na anila'y "may layuning makabayan at mapagpaunlad".)

Nakamit ng mga reaksyonaryong anti-Marcos, noong "eleksyon" para sa "IBP", ang pagkakataong palakasin ang sariling pwersa at makapanlinlang muli sa mamamayan, tungo sa mas ganap na partisipasyon nila, sa hinaharap, sa pampulitikang pang-aapi at pang-ekonomiang pagsasamantala sa malawak na masa ng sambayanan.

At para sa imperyalismong E.U., natamo nito ang kasiyahang makumpirmahan ang katapatan ng mga lokal na reaksyonaryo sa prinsipyo ng patuloy na paghaharing imperyalista't peudal sa Pilipinas. Napatunayan ng imperyalismo na sa kabila ng mahigpit na paligsahan ng mga lokal na reaksyonaryo tungkol sa partihan ng kapanyarihan at sa kung sino ang magiging punong papet sa kanila, mabisa pa ring maaawat ang mga away-away na ito sa pamamagitan ng "halalan" o iba pang palamuti ng burges na demokrasya.

Pagkakasundo, di digmaan

Tulad ng sinabi ni Kasamang Amado Guerrero noong 1974: "Sa pananaw ng imperyalismong E.U., hindi mapahihintulutan ang lantarang digmaan ng mga lokal nitong tauhan sapagkat ang netong epekto niyon ay gagambala sa 'katatagan' at mga pakinabang na natamo nito sa bayan sa ilalim ng pasistang diktadura." (Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan)

Sinabi pa rin niya sa akdang ito na sa malao't madali'y pagbibigyan din ni Marcos ang ilan niyang kauri, sa kondisyong natitiyak niya ang sariling niyang dominanteng katayuan sa loob ng lokal na mga naghaharing uri at reaksyonaryong estado nila.

"Maliwanag ang mga plano at taktika ni Marcos upang tumagal sa kapangyarihan," aniya. "Balak niyang unti-untiin ang mga okasyong tulad ng halalan ng mga lokal na opisyal, pagtatayo ng isang malaking partidong pampulitika at maaaring isa pa o ilang maliit na partidong panay kontrolado niya, paghirang niya sa 'lehislatibong konsehong tagapayo', pagdaraos ng 'pansamantalang pambansang asamblea', pananatili niya bilang punong ministro, at kung anu-ano pa. Hangad ni Marcos na tumagal sa kapangyarihan sukdang sa tagal ay sumuko sa kanya ang lahat ng karibal niya sa pulitika sa pagsasaalang-alang sa pakasariling interes nila. Kung tutuusin, madaling magkasundo si Marcos at ang mga karibal niya sa pulitika tungkol sa mga esensya ng konstitusyong Marcos at iba pang pasistang batas na naglilingkod sa imperyalismong E.U. at mga lokal na uring reaksyonaryo."

Ang nagaganap na konsolidasyon sa hanay ng mga lokal na reaksyonaryong naghaharing uri ay nagpapatingkad sa prinsipal na kontradiksyong umiiral sa lipunang Pilipino: ang di-mapagkakasundong kapakanan ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino at kapakanan ng imperyalismong E.U. at mga katutubong reaksyonaryo.

"Halalan" o rebolusyon

Sa pagdaraos ng lokal na "halalan", mabubuksan pang lalo ang pinto sa kolektibong paghawak ng mga lokal na naghaharing uri sa pampulitikang kapangyarihan. Dito napagkakaisa ng imperyalismong E.U. ang lahat ng nagtutunggaliang reaksyonaryo para higit siyang mapaglingkuran at higit na mapagsamantalahan ang mamamayan.

Para kay Marcos, hindi lamang niya maneneutralisa ang kanyang mga karibal, kundi makakatulong pa sila sa pagsupil at panghuhuthot sa mamamayan. Para naman sa ibang mga pangkating reaksyonaryo, naghahabol sila sa "eleksyon" para makaparte sa kapangyarihang pampulitikang kailangan nila para sa ibayong pagsasamantalang pangkabuhayan.

Sa anu't anuman, pangkalahatang atas ng imperyalismong E.U. sa kanilang lahat na itigil na muna ang kanilang awayan, magkaisa sila at panatilihin ang buong lakas ng reaksyonaryong estado laban sa nagbibimagsik na mamamayan.

Samantala, mapangahas at matiyagang isinusulong ng rebolusyonaryong mamamayan, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang demokratikong rebolusyon ng bayan na pupuksa sa pagsasamantala't pang-aapi ng imperyalismong E.U., peudalismo at burukrata kapitalismo.

Antas-antas na pinapahina ngayon ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong mamamayan ang kapangyarihan ng lahat ng reaksyonaryong naghaharing uri, at antas-antas ding itinatayo ang kapangyarihan ng rebolusyonaryong estadong bayan.

Maliwanag na ngayon sa lahat ng rebolusyonaryong mamamayan na sila kanilang pagaisikap, at sa paggugumiit nila sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka, ang pagkamit sa kinabukasang tunay na malaya at masagana. Alam nila na matitiyak lamang ang kinabukasang ito, hindi sa tagumpay sa "halalan" ng ilang reaksyonaryong nagpapanggap na "tagapagligtas", kundi sa tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan at lalo na sa kasunod nitong sosyalistang rebolusyon

* * *

BAGONG KONTRA-REBOLUSYONARYONG PAKANA, TIYAK NA MABIBIGO

Pinag-iibayo ng diktadurang E.U.-Marcos ang militarisasyon sa lokal na antas at pinapalakas ang mapanupil na makinarya ng reaksyonaryong estado habang lumalaganap ang kilusang rebolusyonaryo sa buong kapuluan.

Ang pinakahuling pakana ng pasistang rehimen para hadlangan ang rebolusyonaryong agos ay ibinalita ng Baringkuas! (Balikwas!), pahayagang masa sa Cagayan Valley, na isiniwalat ang pagbubuo ng mga espesyal na pangkat ng mga maton sa rehiyong iyon.

Mayabang na pinangalanang "posse commitatus", ang mga pangkat ay inorganisa sa antas ng bayan, at ang meyor ang ginagawang pinuno, ayon sa tanging isyu ng Baringkuas! nitong Oktubre. Inaarmasan ng karbin at Garand ang mga masasamang elementong bumubuo sa mga pangkat.

Ayon sa pahayagan, dalawang regular na sundalong mersenaryo ang nakatalaga sa "posse commitatus" sa bawat bayan. Umaasiste ito sa mga kontra-rebolusyonaryong operasyon ng mga regular na tropang AFP. Hatapos ang isang-linggong pagsasanay, may ipinapangakong alawans na P6 isang araw sa mga nareklutang masamang elemento tuwing lalahok sila sa operasyon.

Binigyan nina Ten. Kor. Antonio Palafox at Vicente Dumalaon, mga mataas na opisyal militar sa rehiyon, ng malawak na publisidad sa Cagayan Valley ang paglulunsad ng proyekto noong Setyembre 11.

Ngayon pa ma'y galit na galit na rito ang mga tao kayat tiyak na di matutupad ng proyekto ang pangunahin nitong misyon na sugpuin ang hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusang masa sa lugar.

"Pukaain ang BHB"

Inamin ni Juan Ponce Enrile, ministro ni Marcos sa tanggulang pambansa, na "napapahiya" na siya sa patuloy na paglakas ng Bagong Hukbong Bayan sa tinubuan niyang rehiyon. Burot pa rin tulad ng dati, nagbigay siya ng utos na "pukaain ang BHB sa Cagayan bago matapos ang taon".

Ang isa pang layunin ng pasistang rehimen sa pagbubuo ng mga pangkat ng maton ay para makuha ang suporta ng mga reaksyonaryong lokal na opisyal, na dahil doo'y nagkaroon muli ng pribadong hukbo. Ginagamit ito ngayon ng mga lokal na tirano para lalong mangikil sa masa, lalong mang-agaw ng lupa at likidahin ang mga karibal sa negosyo at pulitika, anang Baringkuas!.

Maraming iniuulat na abuso ng "posse commitatus". Sa Mangalbatan, Baggao, Cagayan, ninakaw ng mga matong ito, sa pangunguna ng kapitan ng barangay at mga sundalo ng AFP, ang P200 pondo ng magsasaka; samantalang sa sityo Singayon, Magugod, Amulung, sa Cagayan din, ninakawan ang mga magsasaka ng P2,000.00.

Isa pa ring hakbang ng rehimeng E.U.-Marcos tungo sa konsolidasyon ng kapangyarihan nito ay ang pagbubuo ng mga "brigada" sa baryo, sa layuning patatagin hanggang sa pinakamababang antas ang kanyang istrukturang pampulitika, at maging militar.

May 16 na "brigada"--mga umano'y komite ng mamamayan para sa kalinisan, wastong pagkain, "tanod-bayan", atbp.--ang balak itayo sa bawat baryo, sa malinaw na oryentasyong mobilisahin ang masa sa mga kontra-rebolusyonaryong pakana ng rehimen.

Lokal na "halalan"

Samantala, ilang piling lokal na opisyal ang pinatatalsik ng pasistang diktador at pinapalitan ng mga tauhang namamanginoon lamang sa kanya at kanyang asawa. Kabilang sa mga ito ang mga gobernador ng Sorsogon, Negros Oriental, Bohol at Maguindanao, at ilang dosenang alkalde sa lunsod at bayan. Inaasahang "tumuwid" ang mga iba pa sa takot na mapatulad sa mga sinipa na.

Paghayag ni Marcos sa pagdaraos ng lokal na "halalan", nahigpitan na niya sa iba't ibang paraan ang kanyang hawak sa aparatong burukratiko ng estado. Sa gayo'y tinitiyak niya na ang manunungkulan sa lokal na antas ay iyon lamang mga masugid na nag-aalay ng kapilang sarili sa katatagan ng paghaharing imperyalista't peudal sa Pilipinas.

Habang pinapalubag niya ang loob ng mga kapwa niya komprador at malalaking asendero para tanggapin nila ang kanyang liderato bilang punong reaksyonaryo at papet ng E.U. sa Pilipinas, tinitindihan pa ni Marcos ang panunupil sa masa ng sambayanan, na parami nang parami araw-araw ang nagaalsa para ibagsak ang mapang-api't mapagsamantalang mga naghaharing uri. Magiging higit pang calupit at mapandagit sa darating na mga taon ang estadong asendero-komprador.

Subalit itinuturo ng ating rebolusyonaryong karanasan na nabibigo rin ang mga pakana ng reaksyonaryo, gaano man kahusay na pinaghahandaan-- hanggat nagkakaisa ang masa sa wastong liderato ng Partido, naggugumiit ito sa armadong pakikibaka at matatag na nagtataguyod sa malawak na kapakanan ng sambayanan. Sagot ang rebolusyon sa kontra-rebolusyon.

* * *

10 RIPLE NG 'TANOD' SA DAVAO, KINUHPISKA NG HUKBONG BAYAN

Nagpapakita ang Bagong Hukbong Bayan ng magandang halimbawa kung paano magagawang isang mahusing bagay ang isang masamang bagay sa patakaran nito sa mga pwersang paramilitar na itinatayo ng pasistang rehimen sa mga base at sonang gerilya ng NPB.

Noong Hulyo, nagpamahagi ang militar ng isang daang karbin at ripleng Garand sa mga bagong-tayong "brigadang barangay tanod" sa sampung baryo ng ciudad ng Davao.

Ginagamit ang mga brigadang ito, kasama ng mga miembro ng CHDF, sa mga karaniwang operasyon laban sa hukbong bayan, habang inilalaan ang kalakhan ng mga regular na reaksyonaryong pwersa sa mas malalaking aksyon at kampanya.

Nakita ng mga Pulang gerilya na ang pamamahagi ng armas sa mga pwersang paramilitar ay magbibigay ng magandang pagkakataong umagaw ng armas mula sa kaaway.

Sa mas malalim na pagsusuri sa mga miembro ng "brigadang tanod", nakita rin nilang hindi lahat ng mga ito ay pusakal na kaaway; karamihan ay mga mahirap na magsasakang pinilit lamang ng gobyernong sumapi sa brigada.

Nakapagkumpiska ang hukbong bayan ng pitong ripleng Garand, tatlong karbin at maraming bala nang hindi nagkaroon ng putukan.

Ayon sa salaysay ng isang Pulang mandirigma sa Asdang, rebolusyonaryong pahayagan sa Mindanao, noong Hulyo 28, pinaligiran ng isang iskwad-gerilya ang 10-kataong pwersa ng "tanod" sa bahay ng kapitan del baryo

Lokal na "halalan"

Samantala, ilang piling lokal na opisyal ang pinatatalsik ng pasistang diktador at pinapalitan ng mga tauhang natamanginoon lamang sa kanya at kanyang asawa. Kabilang sa mga ito ang mga gobernador ng Surigao, Negros Oriental, Bohol at Maguindanao, at ilang dosenang alkalde sa lunsod at bayan. Inaasahang "tumuwid" ang mga iba pa sa takot na mapatulad sa mga sinipa na.

Paghayag ni Marcos sa pagdaraos ng lokal na "halalan", nahigpitan na niya sa iba't ibang paraan ang kanyang hawak sa aparatong burukratiko ng estado. Sa gayo'y tinitiyak niya na ang manunungkulan sa lokal na antas ay iyon lamang mga masugid na nag-aalay ng kapilang sarili sa katatagan ng paghaharing imperyalista't pewdal sa Pilipinas.

Habang pinapalubag niya ang loob ng mga kapwa niya komprador at malalaking asendero para tanggapin nila ang kanyang liderato bilang punong reaksyonaryo at papet ng E.U. sa Pilipinas, tinitindihan pa ni Marcos ang panunupil sa masa ng sambayanan, na parami nang parami araw-araw ang nagaalsa para ibagsak ang mapang-api't mapagsamantalang mga naghaharing uri. Magiging higit pang calupit at mapandagit sa darating na mga taon ang estadong asendero-komprador.

Subalit itinuturo ng ating rebolusyonaryong karanasan na nabibigo rin ang mga pakana ng reaksyonaryo, gaano man kahusay na pinaghahandaan--hanggat nagkakaisa ang masa sa wastong liderato ng Partido, naggugumiit ito sa armadong pakikibaka at matatag na nagtataguyod sa malawak na kapakanan ng sambayanan. Sagot ang rebolusyon sa kontra-rebolusyon.

* * *

10 RIPLE NG 'TANOD' SA DAVAO, KINUHPISKA NG HUKBONG BAYAN

Nagpepakita ang Pagong Hukbong Bayan ng magandang halimbawa kung paano magagawang isang mabuting bagay ang isang masamang bagay sa patakaran nito sa mga pwersang paramilitar na itinatayo ng pasistang rehimen sa mga base at sonang gerilya ng NPB.

Noong Hulyo, nagpamahagi ang militar ng isang daang karbin at ripleng Garand sa mga bagong-tayong "brigadang barangay tanod" sa sampung baryo ng ciudad ng Davao.

Ginagamit ang mga brigadang ito, kasama ng mga miembro ng CHDF, sa mga karaniwang operasyon laban sa hukbong bayan, habang inilalaan ang kalakhan ng mga regular na reaksyonaryong pwersa sa mas malalaking aksyon at kampanya.

Nakita ng mga Pulang gerilya na ang pamamahagi ng armas sa mga pwersang paramilitar ay nagbibigay ng magandang pagkakataong umagaw ng armas mula sa kaaway.

Sa mas malalim na pagsusuri sa mga miembro ng "brigadang tanod", nakita rin nilang hindi lahat ng mga ito ay pusakal na kaaway; karamihan ay mga mahirap na magsasakang pinilit lamang ng gobyernong sumapi sa brigada.

Nakapagkuppiska ang hukbong bayan ng pitong ripleng Garand, tatlong karbin at maraming bala nang hindi nagkaroon ng putukan.

Ayon sa salaysay ng isang Pulang mandirigma sa Asdang, rebolusyonaryong pahayagan sa Mindanao, noong Hulyo 28, pinaligiran ng isang iskwad-gerilya ang 10-kataong pwersa ng "tanod" sa bahay ng kapitan del baryo

Lokal na "halalan"

Samantala, ilang piling lokal na opisyal ang pinatatalsik ng pasistang diktador at pinapalitan ng mga tauhang nanamanginoon lamang sa kanya at kanyang asawa. Kabilang sa mga ito ang mga gobernador ng Sorsogon, Negros Oriental, Bohol at Maguindanao, at ilang dosenang alkalde sa lunsod at bayan. Inaasahang "tumuwid" ang mga iba pa sa takot na mapatulad sa mga sinipa na.

Paghayag ni Marcos sa pagdaraos ng lokal na "halalan", nanigpitan na niya sa iba't ibang paraan ang kanyang hawak sa aparatong burukratiko ng estado. Sa gayo'y tinitiyak niya na ang nanunungkulan sa lokal na antas ay iyon lamang mga masugid na nag-aalay ng kapilang sarili sa katatagan ng paghaharing imperyalista't pendal sa Pilipinas.

Habang pinapalubag niya ang loob ng mga kapwa niya komprador at malalaking asendero para tanggapin nila ang kanyang liderato bilang punong reaksyonaryo at papet ng E.U. sa Pilipinas, tinitindihan pa ni Marcos ang panunupil sa masa ng sambayanan, na parami nang parami araw-araw ang nagaalsa para ibagsak ang mapang-api't mapagsamantalang mga naghaharing uri. Magiging higit pang malupit at mapandagit sa darating na mga taon ang estadong asendero-komprador.

Subalit itinuturo ng ating rebolusyonaryong karanasan na nabibigo rin ang mga pakana ng reaksyonaryo, gaano man kahusay na pinaghahandaan--hanggat nagkakaisa ang masa sa wastong liderato ng Partido, naggugumiit ito sa armadong pakikibaka at matatag na nagtataguyod sa malawak na kapakanan ng sambayanan. Sagot ang rebolusyon sa kontra-rebolusyon.

* * *

10 RIPLE NG 'TANOD' SA DAVAO, KINUHPISKA NG HUKBONG BAYAN

Nagpapakita ang Bagong Hukbong Bayan ng magandang halimbawa kung paano magagawang isang mabuting bagay ang isang masamang bagay sa pataksran nito sa mga pwersang paramilitar na itinatayo ng pasistang rehimen sa mga base at sonang gerilya ng BHB.

Noong Hulyo, nagpamahagi ang militar ng isang daang karbin at ripleng Garand sa mga bagong-tayong "brigadang barangay tanod" sa sampung baryo ng ciudad ng Davao.

Ginagamit ang mga brigadang ito, kasama ng mga miembro ng CHDF, sa mga karaniwang operasyon laban sa hukbong bayan, habang inilalaan ang kalakhan ng mga regular na reaksyonaryong pwersa sa mas malalaking aksyon at kampanya.

Nakita ng mga Pulang gerilya na ang pamamahagi ng armas sa mga pwersang paramilitar ay nagbibigay ng magandang pagkakataong umagaw ng armas mula sa kaaway.

Sa mas malalim na pagsusuri sa mga miembro ng "brigadang tanod", nakita rin nilang hindi lahat ng mga ito ay pusakal na kaaway; karamihan ay mga mahirap na magsasakang pinilit lamang ng gobyernong sumapi sa brigada.

Nakapagkumpiska ang hukbong bayan ng pitong ripleng Garand, tatlong karbin at maraming bala nang hindi nagkaroon ng putukan.

Ayon sa salaysay ng isang Pulang mandirigma sa Asdang, rebolusyonaryong pahayagan sa Mindanao, noong Hulyo 28, pinaligiran ng isang iskwad-gerilya ang 10-kataong pwersa ng "tanod" sa bahay ng kapitan del baryo

sa Daliaon, Upper Toril, siudad ng Davao. Tinawag nila ang mga ito na bumaba nang hindi dala ang kanilang mga armas, dang makapag-usap.

Umayon ang mga "tanod" dahil akala nilang sila'y pinaliligiran ng malaking pwersa at ayaw rin nilang makipaglaban sa mga Pulang Mandirigma.

Paliwanag ng mga Pulang Mandirigma

Ipinaliwanag ng mga gerilya sa kanila ang tunay na kondisyon ng lipunan "upang maunawaan nila kung ano ang ipinaglalaban ng Bagong Hukbong Bayan at makita nilang hindi sila dapat lumaban sa mga kamamayan".

Umakyat sa bahay ang ibang mga Pulang gerilya upang kunin ang mga baril at balang naiwan ng mga "tanod". Umalis na sila pagkatapos nito.

Makaraan ang ilang araw, binugbog ng mga sundalong PC ang kapitan del baryo ng Daliaon at ang kanyang bise, sa pag-aakalang gawa-gawa lang nila ang pagdidisarma. Naglunsad din ang kaaway ng operasyon upang hanapin ang mga Pulang mandirigma, ngunit "ni anino namin ay di nakita", ayon sa salaysay.

Sa operasyon, pinasok at hinalughog ng mga pasistang tropa ang mga bahay ng masa, ninakaw ang kanilang alagang hayop at iba pang ari-arian, binastos ang mga kababaihan at pinwersa ang ilan na samahan ang kanilang patrulya. Pinaalab lang lalo ng kaaway ang galit ng masa sa kanila at ipinakita nang mas malinaw ang malaking kaibhan nila sa isang hukbong bayang lumalaban para sa isang makatarungang layunin.

Hindi nakapagtataka kung bakit mabilis na lumalawak ang mga base at sonang gerilya ng BHB sa buong bansa.

Sa Kanlurang Kabisayaan, inihayag ang paglawak ng mga sonang gerilya sa timog Panay nang tambangan ng isang iskwad ng BHB ang limang pulis sa baryo Ugbo, Alimudian, Iloilo. Naubos ang pwersa ng kaaway at nakumpiska ang kanilang armas--dalawang karbin, isang de-sabog, isang .45 kalibreng pistola, dalawang .380 kalibrong pistola, isang .38 kalibreng rebolber at maraming bala.

Noong Oktubre 2, bumanat ang mga Pulang mandirigma sa isang iskwad ng Philippine Army sa baryo Rizal Sur, Tapaz, Capiz. Napatay ang isang kaaway at malubhang nasugatan ang isa pa, habang tumakbo ang mga natira nang hindi nakapagpaputok ng kanilang baril. Inagaw sa kanila ang isang M-79 grenade launcher at mga bala nito.

Ipinadala ang mga pasistang tropa sa mabundok na lugar na ito ng Tapaz upang pilitin ang mga magsasakang magbayad uli ng buwis sa mga panginoong maylupa. Sa tulong ng hukbong bayan, inorganisa ng mga mangsasaka ang kanilang sarili at nagkaroon sila ng lakas na tanggihan ang pagbabayad ng di-makatarungang buwis sa lupa.

Masiglang sumusuporta sa Partido at hukbong bayan ang masang magsasaka sa Kanlurang Kabisayaan dahil sa mga konkretong pakinabang nila sa rebolusyong agraryo. Tuluy-tuloy ang paglawak ng mga sonang gerilya ng BHB sa tatlong larangan ng rehiyon.

* * *

KALBONG GUBAT, SANHI NG BAHA;
ANG REHIMEN ANG MAYSALA

Sa bilis at lawak ng pagtotroso sa bayan, mawawalan tayo ng gubat pagkaraan lamang ng 10 taon. Ito ang babala ng Programa sa Kapaligiran ng Mga Bansang Nagkakaisa (UN) matapos suriin ang walang-habas na pandarambong sa mga gubat ng Pilipinas.

Ngayon pa lamang, ang mamamayang Pilipino ay madalas nang makasaksi--at maging biktima--ng kamatayan at pagkasira ng ari-arian na bunga ng pagkawasak ng mga gubat. Ang pinakahuli ay ang pagkamatay ng daan-daang tao at malawakang pananalanta dahil sa bagyong "Kading" nitong nakaraang Oktubre 26.

Batay sa pagtaya ng ahensya ng UN, malubha pang mga sakuna ang darating sa mamamayang Pilipino. Kailangan, kung gayon, na pigilin nila ang pasistang diktadurang E.U.-Marcos sa patuloy na pandarambong nito sa mga gubat para sa kapakanan ng mga imperyalistang Hapones at Amerikano at lokal nilang mga komprador.

Totoong ang kriminal na kapabayaan ng mga opisyal ng National Power Corporation ang nagpalala sa epekto ng "Kading". Hindi man lang sila nagbabala sa mamamayan bago nila binuksan ang mga lagusan ng tubig sa Angat dam sa Bulacan at Pantabangan dam sa Nueva Ecija, at paagusin ang 4,500 metro kubo ng tubig bawat segundo. Lampas-bubong ang baha sa maraming lugar.

Inanod ng rumaragasang tubig ang lahat: ang daan-daang taong nalunod, ang kanilang mga bahay, pananim, alagang hayop. Laganap ang lagim sa Gitnang Luson; maraming bangkay ang naanod sa dagat.

Daganat grabe ang krimen ng mga opisyal ng NPC, hindi ito ang pinakaugat ng kamatayan at pagkasira ng ari-arian sa bagyo. Sa likod nito ang pagkakakalbo sa mga bundok na nakapaligid sa Gitnang Luson, lalo na ang Sierra Madre sa silangan nito.

Ang kagyat na sanhi ng baha ay ang biglang pagbuhos ng tubig mula sa mga dam. Ngunit bakit mabilis na napuno ng tubig ang mga ito? Bakit rumagasa ang tubig mula sa mga bundok pababa sa dam, at pababa sa kapatagan?

Sapagkat kinalbo ang mga bundok ng malalaking kompanyang ari ng mga kapitalistang Hapones at Amerikano at kanilang mga komprador; tigang na lupa na lamang ang naiiwan sa dating makapal na gubat.

Mga kamag-anak ni Marcos ang tumitiba

At sino naman ang mga Pilipinong komprador na wala ni katiting na pagmamalasakit sa paghihirap ng bayan at pagkaubos ng likas na kayamanan nito habang sila ng kanilang mga kasosyong dayuhan ay kumakamal ng malaking tubo mula sa kagubatan?

Tukuyin natin ang dalawa: si Kor. Marcelino Barba, na kumokontrol o nag-iimpluwensya sa halos lahat ng troso sa kabundukang Sierra Madre, at si Herminio Disini, may-ari ng Cellophil Resources Corporation na may konsesyong 200,000 ektarya sa kabundukang Kordilyera na sumasaklaw ng apat na probinsya sa Hilagang Luson.

Si Barba ay bayaw ng pasistang diktador na si Marcos; asawa niya si Fortuna, na bunsong kapatid ng diktador. Si Disini naman ay anak ng pinsan ni Imelda Marcos. Isa si Disini sa pinakapusakal na tau-tauhan ng mga Marcos sa negosyo.

Bago natin suriin ang lawak ng pagkakakalbo ng mga gubat, tingnan natin ang relasyon ng sobrang pagtotroso sa kalagayan ng gubat, at ang masamang ibinubunga nito--ang baha at ang tagtuyot.

Kapag may nagbabago sa gubat, may nagbabago rin sa lupa ng bundok, at bunga nito'y apektado rin ang daloy ng tubig sa mga natural na imbakan sa bundok. Kung walang gubat na sumasangga sa bagsak ng ulan, di gaanong sumisipsip sa lupa ang tubig.

Kung gayon, tuwing malakas-lakas ang ulan, ang tubig ay hindi naiimbak sa bundok kundi mabilis na umaagos pababa at nagiging baha sa kapatagan, na nagdudulot naman ng kamatayan at pagkasira ng ari-arian. Halimbawa nito ang baha sa Gitnang Luson noong Hulyo-Agosto 1972.

Sa partikular na kaso ng Gitnang Luson, na tinaguriang "kamalig" ng bayan, ang madalas na pagbaha ay tuwirang resulta ng mabilis na pagkakakalbo ng bundok mula pa noong taong 1904, nang mag-umpisang gawing komersyo ng mga imperyalistang E.U. ang mga punong-kahoy sa kagubatan.

Kakaunti ang itinatanim

Suriin naman natin ngayon ang iba pang datos. Batay sa National Economic and Development Authority, sa bawat 170,000 punong pinuputol taun-taon, 18,000 lamang ang itinatanim bilang kapalit.

Batay naman sa Ministeryo ng Likas na Kayamanan, sa bawat 116,000 punong pinuputol taun-taon, 26,000 lamang ang naitatanim.

Alinman sa mga datos na ito ang gusto (at malamang na parehong dinoktor) ang malinaw ay huling-huli ang pagtatanim kung ihahambing sa pagpuputol ng puno.

Madaling matuklasan ang dahilan. Kaliwa't kanan kung magbigay ang pangkating E.U.-Marcos ng konsesyon sa gubat, lalo sa mga kamag-anak at kaibigan nitong may kasosyong kapitalistang Haponec at Amerikano. Limpak-limpak na kwarta ang kinakamal nila; ang kahoy at produktong kahoy ay kabilang sa sampung pangunahing panluwas ng bansa. Ngunit barat sila kung pinag-uusapan ang panustos para sa pagtatanim ng puno.

Ang pagluluwas naman ay kumikita ng maraming dolyar na inihuhulog ng rehimen sa malaki nitong utang sa dayuhan, na umabot na sa may 257.6 bilyon ($7.2 bilyon) nitong nakaraang Hunyo 30.

Ipinapakita ng mga datos na ang kabuuang kagubatan sa bayan ay may lawak na 8.3 milyong ektarya. Batay ito sa pagsusuri sa mga photomap na isinagawa sa Pamantasan ng Pilipinas sa Los Baños, Laguna, noong 1976.

Lubos na mababa ito sa 12 milyong ektaryang kinakailangan upang maging maayos at ligtas ang kapaligiran. Mababa rin ito nang 2.1 milyong ektarya sa 11-milyong-ektaryang inimbento ng Ministeryo ng Likas na Kayamanan.

Ang Luson, na pinakamalaking pulo sa bayan, ang pinakakulang sa kinakailangang lawak ng kagubatan dahil kinakalbo na ang mga ito sapul pa nang mag-umpisa ang kasalukuyang siglo. Ang kabuuang gubat nito ay 4.1 milyong ektarya lamang; ang minimum na kailangan ay 6.4 milyong ektarya.

Noong nakaraang mga taon, bumilis ang pagtotroso sa Mindanao sa kabila ng patuloy pa ring pangangalbo sa mga gubat sa Luson at Kabisayaan.

Pinatutunayan ng estadistika mula sa Kawanihan ng Pagpapaunlad ng Kagubatan (BFD) na tumaas ang tantos ng pagtotroso sa bayan mula 1965 hanggang sa kasalukuyan, ang mga taong nasa poder si Marcos.

Tuwing may mapanirang baha o tagtuyot, at tampok ang usapan hinggil sa pagkakakalbo ng mga gubat, pinagbibintangan ng rehimen ang maliliit na kaingero.

Ngunit alam ng lahat na kaunti lamang ang mga ito at karaniwan silang nagkakaingin sa mga lugar na dinaanan na ng malalaking kompanya sa troso.

Ipinapakita ng iba pang datos na pinadali ng rehimen ang pagpasok ng mga imperyalistang Hapones at Amerikano sa lokal na negosyo ng pagtotroso. Nagbaba ang rehimen ng patakaran sa mga konsesyong nasa kategoryang "kasunduan sa lisensyang magtroso" ("timber license agreement") na hindi dapat bumaba sa 10,000 ektarya ang hahawakan ng bawat isa.

Dahil malaki ang kapital at kakayahang teknikal na kailangan sa pagtotroso sa ganitong lawak, iilang komprador lamang na may kasosyong dayuhan ang binigyan ng lisensya. Karaniwang kasosyo nila ang mga kapitalistang Hapones at Amerikano.

Sa 408 lisensyang inaprobahan ng rehimen noong 1975, 171 ang ganitong tipo, na karaniwang 40,000 ektarya ang konsesyon ng bawat isa.

Pamumuhunang Hapones

Mula 1949 hanggang 1975, napunta sa Hapon ang 73 porsiento ng kabuuang iniluwas na troso at tabla. Ang bayang iyon ang pinakamalaking umaangkat ng troso mula sa Pilipinas.

Sa kabila nito, lumalaki ang pamumuhunan ng mga kapitalistang Hapones sa mga lokal na troschan at tablería, upang matiyak ang patuloy na pagluluwas sa Hapon. Kabilang sa mga namumuhunang ito ang Mitsubishi Corporation at C. Itoh and Company.

May puhunan ang mga kapitalistang Hapones sa 17 sosyohan (joint venture) na nagtotroso at nagmamanupaktura ng produkto mula sa kahoy. Halimbawa nito ang Tropical Philippines Wood Industries sa probinsya ng Cagayan. Kapitalistang Hapones ang tumustos sa kalakhan ng ₱62 milyon para sa planta nito.

Malinaw na hindi sa kapakanan ng mamamayang Pilipino ang walang-habas na pagkakakalbo ng mga gubat ng bayan. Bagkus ay kapinsalaan nila ang dulot nito sa anyo ng pana-panahong baha at tagtuyot na pumapatay at naninira.

Kaya insulto sa bayan ang pagpapalabas ng pasistang diktador na si Marcos sa Dekreto ng Pangulo Blg. 1153 noong nakaraang taon na nag-aatas sa lahat ng mamamayang may 10 taong gulang o mahigit na magtanim at magalaga ng 60 punong-kahoy sa loob ng limang taon.

Isa pang insulto sa bayan, pagkaraang-pagkaraan ng bagyong "Kading", ang mungkahi ni Imelda Marcos na kunan ng ₱2 buwan-buwan ang bawat isa sa 5 milyong empleado at manggagawa sa gobyerno at pribadong kompanya upang tustusan ang programa ng rehimen sa pagtatanim ng puno. Inaasahan dito ang ₱120 milyon taun-taon.

Dinambong na ang mga gubat ng bayan sa kapinsalaan ng mamamayan, ngayo'y mamamayan pa ang gigipitin ng rehimen upang remedyuhan ang malubhang problemang likha ng kanyang kasakiman.

* * *

REBOLUSYONARYONG LIDERATO NG MNLF, PINAGTIBAY

Pinagtibay ang liderato ng rebolusyonaryong seksyon ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (MNLF) sa komperensya ng mga punong kumander ng MNLF sa Sulu noong kalagitnaan ng Hulyo, ayon sa Balita ng Malayang Pilipinas.

Iniulat ng ahensya sa balita na nakapuslit si Nur Misuari, tagapangulo ng MNLF, sa mga patrulya ng kaaway sa karagatan ng timog Pilipinas upang pumasok sa Sulu at pangunahan ang komperensya.

Sa pulong, pinagpasyahan ng MNLF na umiwas sa harapang pakikipagsagupaan sa mga pwersa ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos at magkunsad ng mga salakay-gerilya sa mga kampo militar ng kaaway at mga pasilidad nito sa komunikasyon, elektrisidad at transportasyon.

Inaprobahan din ng mga pinuno ng MNLF ang programa ng pagpapalawak sa kanilang puersa militar, ang Hukbong Bangsa Moro (BMA), at pagpapalawak sa mga larangang gerilya nito.

Tiniyak ni Misuari sa ibang mga lider ng MNLF na sapat at patuloy ang lohistikang manggagaling sa mga kaalyado ng MNLF dito at sa ibayong-dagat, lalo na sa Konperensyang Islam na may 42 kasaping bansa.

Sa pagpapatibay sa liderato ni Misuari, nabuko ang mga mapanghating taktika ng pasistang rehimen na nagsisikap lumikha ng hidwaan sa MNLF, saka palakihin ang sinasabing "hidwaang" ito.

Itinakwil ng komperensya sa Sulu ang palasukong linya ni Salamat Hashim, na namumuno na maliit na reaksyonaryong seksyon sa MNLF. Nagpapanggap si Hashim na "tagapangulo ng MNLF" sa tulong ni Marcos at isa pang reaksyonaryong pangkat na "Organisasyong Mapagpalaya ng Bangsa Moro" ("BMLO") ang tawag sa sarili.

Makapuslit na ulit si Misuari papalabas sa Pilipinas at nakabalik na sa Gitnang Silangan, ayon sa BMP. Doon siya nagbabase habang kinokoordina ang pandaigdigang suporta sa armadong pakikibaka ng mamamayang Moro para sa kanilang karapatang magpasya sa sarili.

Bago nito, tinanggihan ni Misuari ang alok ng diktadura na ipagpatuloy sa Maynila ang umano'y pag-usap ukol sa kapayapaan. Malinaw din niyang hindi tatanggapin ng masang Moro at ng MNLF ang anumang kasunduang di magbibigay ng tunay na autonomia sa kanila.

Tinukoy ng BMP na dumarami ang salakay ng MNLF sa mga kampo ng kaaway at tambang sa mga patrulya at komboy nito sapul noong komperensya sa Sulu noong Hulyo.

Isa sa pinakahuling ulat ay tambang sa komboy ng PC sa distritong Guimba ng siudad ng Marawi (Lanao del Sur) noong Nobyembre 5. Ayon sa rehimen, 11 sundalong PC ang patay at apat pang iba ang sugatan. Patay din ang apat na empleado ng National Power Corporation na sumama sa komboy.

Suporta mula sa mga lider Kristyano

Habang pinag-iibayo ng mamamayang Moro ang armadong paglaban sa kampanya ng rehimeng linpulin sila, patuloy silang tumatanggap ng pampulitikang suporta sa mga mamamayang may ibang relihiyon.

Sa isang pag-uusap ng mga Muslim at Kristyano sa siudad ng Tagaytay, nakiisa sa mga Muslim ang mga lider Katoliko at Protestante sa pagtuligsa sa mga masaker at iba pang kalupitan ng reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) sa mamamayang Moro.

Kinondena ng mga nagpulong ang sumusunod: 1) ang mga operasyon ng AFP na sanhi ng kamatayan, maramihang ebakwasyon at pagtataboy sa mamamayan; 2) ang pagpapahirap sa mga kabataang Morong pinaparatangang rebolde; 3) ang "walang-awang paghihiganti" sa mga babae, bata at matatandang Moro tuwing may namamatay na sundalo ng gobyerno; 4) ang pagnanakaw at pangingikil; 5) ang pagkawala ng mga Morong inaaresto ng AFP; 6) ang paglilipat-lipat ng kimpilan ng mga pusakal na yunit militar na hindi pinaparusahan; 7) ang madalas na pagsasamay sa gamit ng kanyon na nanliligalig sa masang magsasaka at mangingisda; at 8) ang pagtulong ng AFP sa mga may-ari ng malalaking plantasyon sa pang-aagaw ng lupa.

"...Obserbasyon namin na ang pinakamalupit na mga karahasan sa Mindanaw-Sulu ay isinasagawa ng...mga tauhang militar na hindi Pilipino rin ang turing sa mamamayang Moro," anang mga namumunong Kristyano, Protestante at Muslim sa sulat nila sa pasistang naghaharing si Marcos.

Magharap din sila kay Marcos ng mga hiling, tulad ng sumusunod: 1) ikonsentra ang kanyang mga sundalo sa malalaking kampo sa halip na ikalat ang mga ito; 2) parusahan ang mga masasalang sundalo sa halip na ilipat lang sa ibang yunit; 3) iwanan ng mga sundalo ang kanilang baril kung wala sila sa trabaho at kung pumapasok sa mga siudad at bayan, at isuot ang kanilang name tag; at 4) igalang ang mga karapatang-tao at ituring na inosente ang isang tao habang di napapatunayang nagkasala.

Mga abuso ng PA, inilayag

Samantala, dahil sa galit ng masa, napilitan ang isang opisyal, si Diputado Jose Sison ng South Cotabato, na batikusin ang maraming abuso at kabulukan ng Hukbo ng Pilipinas (PA) sa kanyang probinsya.

Minarap niya sina Brig. Gen. Federico Navarro at iba pang mataas na opisyal ng AFP sa Mindanao, at inireklamo ang sumusunod:

1. Pangingikil ng mga sundalong PA na nakatalaga sa checkpoint, sa mga pasahero, tsuper at may-ari ng bus.

2. Paglahasangkot ng matataas na opisyal ng PA sa sugal, tulad ng monte at jueteng, lalo na ang isang pinuno ng PA na isa sa mga may-ari ng Gen. Santos City Cockers' Club, na malaking sabungan.

3. Paggugumit ng mga opisyal ng PA sa mga lokal na opisyal ng Ministeryo ng mga Lansangang Publiko at Ministeryo ng Obras Publikas na paburan ang kutoto nilang mga kontratista.

4. Pagnanakaw at pagbebenta ng mga sundalong PA sa niyog ng mga magsasaka sa tabing-dagat.

"Hindi ko na sila masiksiksik," ani Sison kina Navarro.

Hindi rin masiksiksik ng mamamayang Moro, kung kaya naglulunsad sila ng armadong paglaban upang ituboy ang bulok at marahas na pasistang rehimeng L.D.-Marcos.